Isla Olutanga

by Donward Bughaw

2021

Isla Olutanga ang kinalak'han ko,

Hindi man matunog, paka-alamin mo;

Munisipalidad dito'y bumubuo:

Mabuhay, Talusan, Olutanga'ng dulo.

Dito nangabuo samu't saring k'wento;

Dito nangamatay sina Impoy't Pupo;

Nagpagulong-gulong mga buto't bungo

Sa lupang nilinang— nadilig din'g dugo!

Pagsasaka rito't pangingisda roon—

Ito'y pangunahing gawain sa nayon;

Pinagkakitaa'y lupa't dagat. Hayun!

Ibang bata'y sanay kahit pa maghapon.

Original work by Donward Bughaw, 2021

Licensed under CC BY 4.0

Unpublished manuscript

Sagana sa yaman mapa-lupa’t dagat.

May palay, tabako, mais, mani, copra,

Saging at kamote; alimango, balat,

Tulingan, taklobo, bangus at talaba.

Nagagandahang mga dalampasigan

Sa isla ring ito mo masusumpungan;

Usapang white sand beach, nar’yang Taguisian,

Dao, Moalboal, Lil Siargao’t Kabugan.

May kweba’t hotspring ding madalas dayuhin;

Sangtwaryo ng ahas— na-feature na sa film!

Ito’y iilan lang sa mga tanawin

Makikita rito, kung ‘yong nanaisin!

Original work by Donward Bughaw, 2021

Licensed under CC BY 4.0

Unpublished manuscript